# Paraan ng Paghihiwalay at Pagtatapon ng mga Recyclable Item at Basura

スポーツと人情が熱いまち 江東区
KOTO City in TOKYO

## Mga bagay na kinokolekta


- Ilagay ang mga recyclable item at basura sa collection site bago 8:00 am sa araw ng pagkolekta. (Huwag kailanman ito ilabas sa gabi.)
- Siguraduhing sundin ang paraan ng pagtatapon sa araw ng pagkolekta. Ang ilegal na pagtatapon ng basura ay may parusang hanggang 5 taon na pagkakakulong o multang 10 milyong yen o mas mababa pa.
- Iwasang magtapon ng basura sa mga araw na masama ang panahon, tulad ng malakas na hangin o bagyo.

Paraan ng pagtatapon ng basura sa simpleng Japanese (video)

## Hindi nasusunog na basura

*Paghiwalayin ang mga ito sa tatlong uri ng supot. Delikado kung paghahalu-haluin ang mga ito!

### ① Baterya (kabilang ang mga rechargeable na uri), fluorescent tube, mga produktong may mercury, atbp.




Ni-Cd Ni-MH Li-ion

*Kinokolekta rin ang mga rechargeable battery na may ganitong marka.


Mga uri ng baterya
Alkaline, manganese, button battery, rechargeable battery



Lithium-ion battery, maliliit na kagamitang de-kuryente na may internal battery, at mobile battery




Fluorescent tube, bombilya
Hugis-tubo, hugis na pabilog, hugis-bombilya, LED na bombilya



*Ilagay ang mga madaling mabasag na bagay sa papel na lalagyan o balutin ito ng makapal na papel.

Mercury thermometer, sphygmomanometer, atbp.

### ② Spray can, gas cylinder, at lighter





*Nagiging sanhi ito ng sunog sa trak ng basura. Siguraduhing ubusin ang laman bago itapon.

**Ilagay ang mga ito sa "transparent na bag" at ilabas nang isang beses bawat dalawang linggo.**

### ③ Ceramic, salamin, at maliliit na produktong metal


**Produktong plastik na hindi matanggal ang mga bahaging metal**

*Itapon ang mga bagay na may kakaunting bahaging metal na hindi matanggal bilang nasusunog na basura.




**Maliliit na kagamitang de-kuryente na mas mababa sa 30 cm**

*Alisin ang baterya at ilagay ang mga ito sa supot para sa ①. Ilagay din ang maliliit na kagamitang de-kuryente na may hindi matanggal na internal battery sa supot para sa ①.




**Mga metal**




**Salamin, ceramic, at matatalim na bagay**


*Balutin ang mga ito ng papel at iba pang materyales at markahan ng "キケン" ("Delikado").



**Ilagay ang mga ito sa transparent na supot o lalagyan na may takip at ilabas nang isang beses bawat dalawang linggo.**

## Nasusunog na basura


**Basurang pagkain**
*I-drain ang tubig.



**Disposable diaper**
*Alisin ang dumi.



**Shell at egg shell**




**Produktong goma**



**Produktong katad**



**Kakaunting dami ng sanga at dahon**
*Gupitin humigit-kumulang 30 cm at talian ng lubid.



**Plastik na hindi matanggal ang dumi**



Mga bagay na hindi matanggal ang dumi o mantika kahit bahagyang banlawan


**Pagsama-samahin at ilagay ang mga ito sa transparent na supot o lalagyan na may takip at ilabas nang dalawang beses sa isang linggo.**

## Polystyrene foam tray, basurang papel, bote, lata, at PET bottle

**Polystyrene foam tray at styrofoam**

**Ilagay ang mga ito sa kulay abong lalagyan na may takip.**


*Kahit na may markang plastik ang polstyrene foam, ilabas ang mga ito sa araw ng mga "recyclable item".
*Kasama ang mga bagay na madaling mabutas ng toothpick. Tanggalin ang dumi.
*Kasama ang mga bagay na may kulay at print.




**PET bottle**

**Ilagay ang mga ito sa kulay berdeng lalagyan.**

*Bahagyang banlawan ang mga ito. Ilagay ang takip at label sa plastik na lalagyan at packaging.




**Diyaryo, magasin, sari-saring papel, karton, atbp.**

**Ang mga ito ay tinalian ng tali at inilalabas ayon sa uri.**


*Banlawan, buksan, at patuyuin ang mga kartong papel.



**Bote**

**Ilagay ang mga ito sa kulay dilaw na lalagyan.**


*Bahagyang banlawan ang mga ito. Ilagay ang mga boteng hindi matanggal ang mantika kahit bahagyang banlawan sa hindi nasusunog na basura.




**Lata**

**Ilagay ang mga ito sa kulay asul na lalagyan.**

*Bahagyang banlawan ang mga ito. Ilagay ang mga latang hindi matanggal ang mantika kahit bahagyang banlawan sa hindi nasusunog na basura.




**Kinokolekta ang mga ito nang isang beses sa isang linggo ayon sa item. Sundin ang mga itinakdang paraan ng pagtatapon para sa bawat kategorya.**

## Plastik


Ang markang ito ang palatandaan.

*Mga bagay na may marka ng plastik at walang dumi
*Mga bagay na 100% plastik
*Itapon ang mga bagay na hindi matanggal ang dumi bilang nasusunog na basura.
*Hangga't maaari, alisin ang mga trademark label at price tag sticker.
Hindi kailangan alisin kung mahirap itong alisin.

**Boteng lalagyan ng shampoo, detergent, atbp.**




**Lalagyan ng yogurt, pudding, itlog, atbp.**




**Produktong plastik (laruan, pang-araw-araw na gamit, atbp.)**


**Takip ng PET bottle, instant coffee, atbp.**

*Mga produktong plastik lamang



**Plastic grocery bag, bag ng matatamis, atbp. (malinis)**





Mga bagay na gawa sa 100% plastik at walang dumi.


**Pagsama-samahin at ilagay ang mga ito sa transparent na supot o lalagyan na may takip at ilabas nang isang beses sa isang linggo.**

## Mga bagay na kailangan ng paunang reserbasyon (may bayad lahat)

### Malalaking basura

Website: Large-sized Waste Reception Center

- Mga bagay na humigit-kumulang 30 cm o higit pa mula sa bahay tulad ng muwebles, kagamitang de-kuryente (maliban sa air conditioner, telebisyon, refrigerator, freezer, washing machine, clothes dryer, at PC).
- Maglagay ng paid sticker (bayad na sticker para sa pagpoproseso ng malalaking basura *tingnan sa ibaba) bago itapon.
- Hindi kinokolekta ang malalaking basura mula sa negosyo. Mangyaring makipag-ugnayan sa Seiso Jimusho (Waste Collection Office).



**Tanggapan ng aplikasyon**

Large-sized Waste Reception Center

**TEL: 03-6431-9997**

URL: https://www2.sodai-web.jp/koto/index.html

**Oras na tumatanggap ng aplikasyon**

8:00 am - 7:00 pm mula Lunes hanggang Sabado

### Provisional na basura

- Ang pagtatapon ng maraming dami ng basura mula sa paglilipat ng tirahan, sanga at dahon ng halaman, at iba pa ay may bayad. Mangyaring makipag-ugnayan sa Seiso Jimusho (Waste Collection Office) antimano.

### Bangkay ng hayop

- Sa pangkalahatang tuntunin, ang pagpapakuha ng bangkay ng aso, pusa, at iba pa ay may bayad. (Gayunpaman, limitado lamang ito sa may timbang na mas mababa sa 25 kg bawat isa).
- Mag-apply sa pamamagitan ng pagtawag o direktang pagdala nito sa Seiso Jimusho (Waste Collection Office).
- 3,000 yen bawat isang bangkay

### Air conditioner, telebisyon, refrigerator, freezer, washing machine, at clothes dryer

- Ang mga nabanggit na bagay sa itaas ay hindi kinokolekta bilang malalaking basura.
- May bayad para sa pag-recycle at pagkolekta kapag kinolekta ang mga ito.

**Tanggapan ng aplikasyon**


Makiusap sa tindahang pinagbilhan o tindahang pagbibilhan ng kapalit na produkto na kunin ang mga ito.
Kung hindi ito makuha ng tindahan, mag-apply sa sumusunod sa pamamagitan ng pagtawag o internet.

Household Appliance Disposal Center

**TEL: 0570-087200**

URL: https://kaden23rc.jp

Hindi kinokolekta ng Seiso Jimusho (Waste Collection Office) ang mga PC (unit, monitor, laptop).
Mangyaring makipag-ugnayan sa manufacturer o PC 3R Promotion Association (**TEL 03-5282- 7685**).



## May bayad lahat kapag magtatapon ng basura mula sa negosyo (kasama ang mga recyclable item).

### Basura mula sa negosyo

Bumili at maglagay ng paid sticker ng Koto City (bayad na sticker para sa pagpoproseso ng basura mula sa negosyo *tingnan sa ibaba) bago ilabas.
(Tandaan) Siguraduhing isulat ang pangalan ng tindahan o kumpanya sa paid sticker.
(Pakiusap) Hangga't maaari, gumamit ng "Pribadong ruta ng boluntaryong pagkolekta" para sa mga basurang papel mula sa negosyo.

*Hindi kinokolekta bilang recyclable item ang mga plastik na lalagyan at packaging, polystyrene foam tray, at styrofoam mula sa negosyo. Itapon ang mga ito bilang nasusunog na basura.

#### Nasusunog at hindi nasusunog na basura

**Kapag magtatapon gamit ang lalagyan**
Maglagay ng paid sticker na naaayon sa dami ng basura sa loob.

**Kapag magtatapon gamit ang supot**
Maglagay ng paid sticker na naaayon sa kapasidad ng laman ng supot.



#### Mga basurang papel lamang ang kinokolekta bilang mga recyclable item

**Diyaryo, magasin, sari-saring papel, at karton**


**Diyaryo, magasin, at sari-saring papel**
Maglagay ng 10 ℓ paid sticker para sa bawat 10 cm ang taas. (Ang diyaryo ay tinitiklop sa apat (A4 size))

**Karton**
Maglagay ng 10 ℓ paid sticker para sa bawat dalawang karton.





#### Sundin ang sumusunod para sa pagtatapon ng mga bagay na mahirap ilagay sa supot o lalagyan.

**Styrofoam**
Maglagay ng 10ℓ paid sticker para sa bawat item.



**Fluorescent tube**
Ilagay sa kahon at pagsama-samahin ang limang piraso upang hindi mabasag, at maglagay ng isang 10 ℓ paid sticker.



## Paid sticker (bayad na sticker para sa pagpoproseso ng basura)




- Ang nakalaang paid sticker para sa malalaking basura o basura mula sa negosyo ng Koto City (bayad na sticker para sa pagpoproseso ng basura) ay ibinibenta sa mga tindahan, supermarket, at convenience store na may palatandaan ng "dealer ng mga sticker para sa pagpoproseso ng basura sa Koto City" sa loob ng lungsod, pati na rin sa Seiso Risaikuru Ka (Waste Collection and Recycling Division) sa Koto City Office, at Seiso Jimusho (Waste Collection Office).
- Mangyaring mag-ingat sa pagbili ng paid sticker dahil hindi magagamit ang paid sticker na mula sa ibang lungsod sa Koto City.

**<<Bayad na sticker para sa pagpoproseso ng malalaking basura>>**




- May dalawang uri ng bayad na sticker para sa pagpoproseso ng malalaking basura sa kaliwa (200 yen para sa isang "A" sticker at 300 yen para sa isang "B" sticker)
- Gamitin ang kumbinasyon ayon sa handling fee para sa pagpoproseso ng malalaking basura na inyong inaplayan.
- Ipapaalam sa inyo ang kumbinasyon ng handling fee at paid sticker sa Large-size Waste Reception Center kapag nag-apply kayo.

**<<Bayad na sticker para sa pagpoproseso ng basura mula sa negosyo>>**



- Mayroong apat na uri ng mga bayad na sticker para sa pagpoproseso ng basura mula sa negosyo, gaya ng ipinapakita sa kaliwa. Maglagay ng sticker na naaayon sa dami ng basura o basurang papel na itatapon.

## Mga bagay na hindi kinokolekta ng Seiso Jimusho (Waste Collection Office)

- **Mga bagay na nakakalason**
- **Mga bagay na mapanganib**
- **Mga bagay na may napakamabahong amoy**

Hal.) Gas cylinder, mga produktong petrolyo (gasolina, diesel, kerosene, thinner, atbp.), pintura, mga gamot, ink para sa pag-print, baterya, paputok, posporo, fire extinguisher, atbp.

- **Iba pa**

Hal.) Kung magtatapon ng mga bagay tulad ng kotse, motorsiklo, gulong, piano, lupa, buhangin, at iba pa, ipakuha ito sa tindahang pinagbilhan o hilingin sa professional contractor na iproseso ito.
Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa Seiso Jimusho (Waste Collection Office).

## Para sa pakikipag-ugnayan

**Seiso Jimusho (Waste Collection Office)**
**TEL 03-3644-6216**
**Seiso Risaikuru Ka (Waste Collection and Recycling Division)**
**TEL 03-3647-9181**
**URL: https://www.city.koto.lg.jp/**

May app para sa paraan ng pagtatapon ng mga recyclable item at basura sa Koto City (available sa English, Chinese, at Korean).
Maaaring kumpirmahin ang paraan ng paghihiwalay ng basura, araw ng pagkolekta, at mag-apply para sa malalaking basura, atbp.

I-download mula dito




Bersyon sa Android

Bersyon sa iOS

2025.4